

**PALATHALA 152**

AGOSTO 2016

# **MGA PAG- INSPEKSYON SA SIGARILYO AT PRODUKTONG TABAKO**

**CALIFORNIA STATE  
BOARD OF EQUALIZATION**

## **BOARD MEMBERS**

**SEN. GEORGE RUNNER (RET.), Unang Distrito**

**FIONA MA, CPA, Ikalawang Distrito**

**JEROME E. HORTON, Ikatlong Distrito**

**DIANE L. HARKEY, Ikaapat na Distrito**

**BETTY T. YEE, Bantay-Yaman ng Estado**



**DAVID J. GAU, Punong Tagapamahala**

## **Bakit ninyo iniinspeksyon ang aking negosyo?**

Nagsasagawa kami ng rutin na inspeksyon sa negosyo mo upang malaman kung sumusunod ka sa mga batas ng estado na kumontrol sa pagbebenta ng mga sigarilyo at mga produktong tabako sa California.

## **Ano'ng hinahanap ninyo?**

Susuriin namin kung:

- Mayroon kang lisensya ng Board of Equalization (BOE) para magbenta ng mga sigarilyo at produktong tabako, at iba pang business permit o lisensya na dapat mong taglayin.

*Pansinin:* Mula Enero 1, 2017, pinalawak ng batas ng estado ang depinisyon ng produktong tabako, para sa layuning pagbibigay ng lisensya sa pagtitingi, na isama ang anumang device ng electronic smoking o vaping o anumang sangkap, bahagi, o accessory ng produktong tabako, ibinibenta man nang magkasama o magkahiwalay. Kung nagtitingi ka ng mga produktong ito, dapat na mayroon kang lisensya sa pagtitingi ng sigarilyo at tabako mula sa BOE. Bumisita sa website ng BOE para sa higit pang impormasyon tungkol sa paksang ito.

- Binili mo ang iyong mga sigarilyo at mga produktong tabako mula sa distributor o wholesaler ng sigarilyo at mga produktong tabako na lisensyado ng BOE (ipinagbabawal ang pagbebenta sa pagitan ng mga nagtitingi) at mayroong sumusuportang mga resibo ng pagbili para sa iyong imbentaryo. Tiyaking sumangguni sa website ng BOE para makaalinsabay sa lahat ng kahilingan para sa mga resibo ng sigarilyo at produktong tabako.
- Ang mga sigarilyo sa iyong paninda ay:
  - May nakadikit na balidong tax stamp ng California,
  - Walang kasamang may flavor na sigarilyo (maliban sa menthol), at
  - Nakalista sa California Tobacco Directory bilang legal na ibenta sa California (ang roll-your-own na tabako ay dapat na nakalista din sa Tobacco Directory).
- Ang mga kaha ng sigarilyo na nasa iyong paninda ay sumusunod sa mga kahilingan sa "low ignition propensity" na kahilingan ng California para sa kaligtasan sa sunog.



- Nabayaran ang buwis na ipinataw ng California para sa iba mo pang mga produktong tabako.
- Nakikita ang iyong paskil na STAKE ACT sa bawat cash register at iba pang lugar na pinagbebeentahan.

Ang mga inspeksyong ito ay awtorisado ng batas ng estado na kilala bilang [California Cigarette and Tobacco Products Licensing Act of 2003](#) (Division 8.6 ng California Business and Professions Code), [Cigarette and Tobacco Products Tax Law](#) (Part 13, Division 2 ng Revenue and Taxation Code), [California Cigarette Fire Safety and Firefighter Protection Act](#) (Division 12 ng California Health and Safety Code), at [Stop Tobacco Access to Kids Enforcement Act](#) (Division 8.5 ng California Business and Professions Code).

### **Ano'ng mangyayari sa panahon ng pag-iinspeksyon?**

Ang aming mga inspektor ay papasok iyong lugar ng negosyo, magpapakilala sila sa iyo o sa mga empleyado mo, at ipakikita nila ang kanilang BOE ID. Hihilingan ka nilang:

- Ipakita sa kanila ang iyong personal identification.
- Ipakita sa kanila ang iyong buong paninda ng sigarilyo at produktong tabako.
- Ibigay ang lahat ng iyong resibo sa pagbili at pagbebenta ng sigarilyo at produktong tabako (o mga register tape) para sa nakaraang 12 buwan, na dapat mong ingatan sa lugar ng iyong negosyo.
- Ipakita kung saan nakalagay ang iyong mga resibo sa pagbili at pagbebenta (o mga register tape)ng sigarilyo at produktong tabako. Ang mga rekord na ito ay dapat ingatan sa loob ng apat na taon.

Sisiyasatin ng mga inspektor ang mga sigarilyo at mga produktong tabako sa lugar ng iyong negosyo at anumang lugar tulad ng ibang mga gusali o imbakan kung saan mo inilalagay ang karagdagang mga produkto. Ii-scan nila ang mga tax stamp sa mga sigarilyo sa iyong paninda gamit ang elektronikong device at susuriin ang iyong mga resibo sa pagbili at

pagbebenta para malaman kung tumutugma ang mga resibo na iyon sa iyong imbentaryo.

Bibigyan ka rin ng kopya ng [palathala 78](#), Sales of Cigarettes and Tobacco Products in California (Pagtitinda ng mga Kalakal ng Sigarilyo at Tabako sa California), na maglalaan ng karagdagang impormasyon tungkol sa programang ito.

### **Ano ang mangyayari kung makakita ang mga inspektor ng mga produktong hindi ko nararapat ibenta?**

Maaaring kumpiskahin ng mga inspektor ang anumang sigarilyo o produktong tabako na walang buwis, ginaya, o ilegal.

- Ipapaliwanag nila ang dahilan ng pagkumpiska,
- Bibigyan ka nila ng detalyadong resibo na nakalista ang mga produktong kinumpiska,
- Ibibigay nila sa iyo ang kanilang contact information, at maaari ding
- Mag-isyu ng subpena.

Anumang tatak ng sigarilyo o roll-your-own (RYO) na produktong tabako na hindi nakalista sa Attorney General's California Tobacco Directory ay kukumpiskahin. Ang mga nagtitingi at wholesaler ay dapat na sumangguni sa Tobacco Directory bago bumili ng mga sigarilyo at RYO na tabako mula sa mga distributor na lisensyado ng BOE. Ang website ng California Tobacco Directory ay matatagpuan sa [www.oag.ca.gov/tobacco/directory](http://www.oag.ca.gov/tobacco/directory).

*Pansinin:* Kapag tinanggal ang mga sigarilyo o RYO na tabako sa Tobacco Directory, ang mga nagtitingi ay pinapayagang magkaroon, magbyahe, at magbenta ng mga sigarilyong may tax-stamp o RYO na tabako sa loob ng 60 araw mula sa petsa nang ipatupad ang pagtanggap.

### **Maaari ko bang bawiin ang mga produktong kinumpiska?**

May karapatan kang hilingin na isauli ang iyong mga produkto. Kapag kinumpiska ng aming mga inspektor ang alinmang mga produkto sa panahon ng inspeksyon, padadalhan ka namin ng notice ng mga nakalistang produkto at isinasaad ang karapatan mong patunayan na mali ang kanilang pagkumpiska. Ilalaki namin kasama ng notice ang form ng *Verified Petition for Release or Recovery of Property (Beripikadong Kahilingan sa Pagpapalabas o Pagbawi ng Pag-aari)*

Sa ilalim ng batas ng estado, maaari lamang naming ibalik ang mga nakumpiskang sigarilyo at mga produktong tabako kung nagkamali kami o ilegal ang aming pagkumpiska. Para humiling na ibalik ang inyong mga produkto, kailangan mong magsumite ng nakumpletong form ng petisyon at ipaliwanag kung bakit isang pagkakamali o ilegal ang pagkumpiska. Tutugunin namin ang iyong petisyon sa pamamagitan ng sulat.

### **Ano ang mangyayari kung makatanggap ako ng subpena?**

Kung inisyuhan ka ng sibil na subpena, makakatanggap ka ng isang sulat ng *Notice of Violation (Abiso ng Paglabag)* mula sa BOE. Ipaliwanag ng notice ang espesipikong (mga) paglabag na isinubpena sa iyo, anumang mga parusang sibil o kahihinatnan, at ang karapatan mong umapela.

Kung inisyuhan ka ng kriminal na subpena, dapat kang magpakita sa korte tulad ng nakasaad sa subpena at malamang na makatanggap ka rin ng notice mula sa District Attorney's Office hinggil sa mga kriminal na paglilitis. Kapag hindi ka nagpakita sa korte, isang bench warrant ang ilalabas laban sa iyo at maaaring suspendihin o ipawalang-bisa ang iyong lisensya ng sigarilyo at tabako at patawan ka ng multa.

Ang Cigarette and Tobacco Products Licensing Act (Batas sa Pagbibigay ng Lisensya sa Sigarilyo at mga Produktong Tabako) ay nagbibigay ng parusang sibil na ipapataw ng BOE bilang karagdagan sa alinmang iba pang parusang kriminal na maaaring ipataw ng korte (tingnan ang [palathala 161](#), Criminal Citations Include a Civil Administrative Process (Kasama sa Mga Sipi Kriminal ang Sibil na Prosesong Administratibo)). Pagkatapos na dinggin ng korte ang iyong kaso, makakatanggap ka isang sulat ng Notice of Violation mula BOE na nagsasaad ng lahat ng iyong paglabag, nagpapaliwanag ng iyong karapatang umapela, at maglalaan sa iyo ng iba pang mahalagang impormasyon.

### **Ano ang mangyayari kung masuspende o mapawalang-bisa ang aking lisensya?**

Sa panahon ng pagsuspende o pagpapawalang-bisa, pinagbabawalan kang magdisplay, magbenta, o magregalo ng mga sigarilyo o mga produktong tabako. Ang patuloy na pagdisplay pagkatapos na makatanggap ng isang Notice of Suspension or Revocation (Abiso ng Pagsuspende o Pagpapawalang-bisa) ay sasailalim sa sibil na multa na \$1,000 para sa bawat paglabag. Ang patuloy na pagbenta o pagreregalo pagkatapos ng petsa ng pagpapatupad ng

pagsuspende o pagpapawalang-bisa ay isang pagkakasala at magdudulot ng pagkumpiska at pagkuha ng lahat ng sigarilyo at produktong tabako na nasa iyo.

Kasama ng Notice of Suspension or Revocation na ipinadala ng BOE, makatanggap din ang mga nagtitingi ng paskil na dapat idikit sa bawat pasukan ng mamimili, sa bawat cash register at iba pang lugar na pinagbebeentahan sa lugar kung saan ipinataw ang pagsuspende o pagpapawalang-bisa. Ang hindi pagdidikit ng paskil bilang kahilingan, para sa buong yugto na nakasaad sa notice, ay magresulta ng multang \$1,000 para sa bawat paglabag.

### **Mayroon ba akong anumang karapatan na kaugnay sa inspeksiyon ito?**

Oo, mayroon kang espisipikong legal na mga karapatan bilang nagbabayad ng buwis sa California. Dapat na kilalanin at protektahan ng aming mga empleyado ang mga karapatang iyon. Tulad ng ipinaliwanag sa [palathala 70, Understanding Your Rights \(Pag-unawa sa Iyong Karapatan\)](#), may karapatan ka sa/na:

- Magalang at mabilis na serbisyo,
- Patas na pagtrato,
- Pagiging kompidensyal,
- Impormasyon at tulong, at
- Makipag-usap o sumulat sa nahalal na mga Board of Equalization Member.

### **Maaari ba akong maghain ng reklamo tungkol sa pag-inspeksyon o sa asal ng inspektor?**

Oo. Kung sa tingin mo ay hindi propesyunal ang iginawi ng inspektor o nilabag ang iyong mga karapatan, maaari kang maghain ng reklamo sa pamamagitan ng:

- Pagtawag sa Investigations Division sa: 1-916-324-0105
- Maghain ng reklamo online sa: [www.boe.ca.gov/info/icomplaint.htm](http://www.boe.ca.gov/info/icomplaint.htm)
- Pagsulat sa: Investigations Division, MIC:42 Board of Equalization PO Box 942879 Sacramento, CA 94279-0042

Tiyakin na maipaliwanag nang mabuti at detalyado ang iyong mga reklamo.

Ang iyong reklamo ay aasikasuhin ng isang superbisor o manedyer ng Investigation's Division, na siyang makikipag-ugnayan sa iyo. Kung hindi malutas ang problema sa tulong ng superbisor o manedyer o mas gusto mong sa labas ng dibisyon asikasuhin ang iyong reklamo, maaari kang makipag-ugnayan sa BOE Taxpayers' Rights Advocate Office.

### **Taxpayers' Rights Advocate Office (Tanggapan ng Tagapagtaguyod ng Karapatan ng Nagbabayad ng Buwis)**

Ang Taxpayers' Right Advocate Office ay tumutulong sa mga nagbabayad ng buwis na hindi malutas ang problema sa pamamagitan ng normal na mga proseso, kapag gusto nila ng impormasyon tungkol sa mga pamamaraan na nauugnay sa partikular na kalagayan, o kapag tila mayroong paglabag sa kanilang mga karapatan. Maaari kang tumawag opisina nang walang bayad sa 1-888-324-2798 o makipag-ugnayan sa kanila sa [www.boe.ca.gov/info/emailtra.htm](http://www.boe.ca.gov/info/emailtra.htm). Iimbistagahan ng opisina ang iyong reklamo hinggil sa pag-inspeksyon at tutugunan ito.

### **Para sa Higit pang Impormasyon**

Kung mayroon kang anumang katanungan tungkol sa inspeksyon, maaari kang makipag-ugnayan sa aming Investigations Division sa 1-916-324-0105. Para sa higit na impormasyon tungkol sa pagbibigay ng lisensya sa sigarilyo at mga produktong tabako, tawagan ang Customer Service Center sa 1-800-400-7115; piliin ang opsyon para sa Special Taxes and Fees (Pantanging mga Buwis at Bayarin).

Nag-aalok din ang BOE ng libreng klase tungkol sa programa ng Pagbibigay ng Lisensya sa Sigarilyo at mga Produktong Tabako. Tinatalakay sa klase ang mga kahilingan sa lisensya, mga kamakailang pagbabago sa batas, ang proseso ng pag-inspeksyon, pagmamantini ng mga rekord, pagpapataw ng multa, at marami pang iba. Para malaman ang iskedyul ng klase, i-click ang link na "[Helpful Tax Seminars](#)" sa website ng BOE o tumawag sa 1-916-322-8536.

Ang sumusunod na kaugnay na mga publikasyon ay makukuha din sa aming website, [www.boe.ca.gov](http://www.boe.ca.gov), o sa pagtawag sa aming Customer Service Center sa 1-800-400-7115 (TTY:711). Ang ilan sa mga publikasyong ito ay makukuha din sa sumusunod na mga wika: Arabic, Chinese, Korean, Punjabi, Spanish, Tagalog, Thai, at Vietnamese.

- 63 *Cigarette Distributor Licensing and Tax Stamp Guide (Giya sa Pagbibigay ng Lisensya sa Distributor ng Sigarilyo at Tax Stamp)*
- 70 *Understanding Your Rights as a California Taxpayer (Pag-unawa sa iyong mga Karapatan bilang Nagbabayad ng Buwis sa California)*
- 78 *Sales of Cigarettes and Tobacco Products in California—License Requirements for Retailers (Pagtitinda ng mga Kalakal ng Sigarilyo at Tabako sa California —Mga Kahilingan sa Lisensya para sa mga Nagtitingi )*
- 93 *Cigarette and Tobacco Products Taxes (Mga Buwis para sa Sigarilyo at mga Produktong Tabako)*
- 152 *Cigarette and Tobacco Product Inspections (Mga Pag-inspeksyon sa Sigarilyo at Produktong Tabako)*
- 161 *Criminal Citations Include a Civil Administrative Process (Kasama sa Kriminal na Subpena ang Prosesong Administratibong Sibil )*
- 403 *ew California Counterfeit-Resistant Cigarette Tax Stamp (Di-Mapepekeng Tax Stamp ng Sigarilyo ng New California)*
- 407 *Master Settlement Agreement*
- 429 *Flavored Cigarettes Banned in the United States (Mga May Flavor na Sigarilyo na Ipinagbabawal sa Estados Unidos)*
- 438 *Can Retailers Purchase Cigarette and Tobacco Products over the Internet or from an Unlicensed Supplier? (Maaari bang Bumili ng Sigarilyo at Produktong Tabako ang mga Nagtitingi sa Pamamagitan ng Internet o mula sa Hindi Lisensyadong Supplier? )*

**Lahat tayo ay apektado ng pandaraya sa buwis...**

Para mag-ulat ng pinaghihinalaang pandaraya sa buwis, tumawag sa aming Tax Evasion Hotline sa 1-888-334-3300 o sa Investigations Division sa 1-916-324-0105.

**Upang makipag-ugnayan sa iyong Board Member, tingnan ang:**

[www.boe.ca.gov/members/board.htm](http://www.boe.ca.gov/members/board.htm)